## Para sa lahat ng PTA members na sumali

# Gabay ng sistema ng kompensasyon sa kalamidad/sakuna

## 1 Mga karapat-dapat o kwalipikado at panahon ng pagtanggap ng mutual aid/mga benepisyo sa insurance



**Para sa**

■Mga miyembro ng PTA (mga magulang at Guro), Mga anak na kinder, pupils at estudyante ng miyembro ng PTA at kanilang kamag-anak na kasama sa tirahan. Sumusuportang Miyembro

**Panahon**

■Mula Abril 1 ng kasalukuyang taon hanggang Marso 31 ng susunod na taon

## 2 Membership at mga dapat bayaran

**Miyembro**

■Isang miyembro ng kinabibilangang PTA (School PTA) na kabilang sa Mie Prefecture PTA Federation at isang miyembro ng kinabibilangang PTA na sumali sa sistemang ito.

**Bayad sa membership**

■170 yen bawat sambahayan(Kasama sa bayad sa membership ang bayad sa pagpapanatili ng system)

■Ang pagbabayad ay gagawin mula sa kinabibilangang PTA (School PTA)

## 3 Babayaran ng mutual aid sa mga ganitong pangyayari

### Mutual aid para sa pinsala

**Babayaran ng mutual aid kung sakaling magkaroon ng pinsala dahil sa biglaan at di-sinasadyang aksidente sa labas,habang nakikilahok sa isang PTA event sa Japan.**



| Mga uri ng kompensasyon | Pera ng mutual aid |
|---|---|
| **Mutual Aid kapag namatay** | **3.7 milyong yen** (300,000 yen para sa biglaang pagkamatay) |
| **Mutual Aid para sa natitirang kapansanan** (depende sa antas ng kapansanan) | **3.7 milyon hanggang 150,000 yen** |
| **Mutual Aid para sa pagpapaospital** | **6,000 yen bawat araw** (180 na araw na limitasyon) |
| **Mutual Aid para sa operasyon** (isang beses sa bawat aksidente) (depende kung naospital o hindi ang pasyente para sa operasyon) | **60,000 yen habang nasa ospital**<br>**30,000 yen maliban sa pagkakata-ospital** |
| **Outpatient Mutual Aid** | **2,000 yen hanggang 500 yen bawat araw** (90 araw na limitasyon) |

※Sakop din ang heatstroke at pagkalason sa pagkain ng bacterial.

※Ang benepisyaryo ng pera ng mutual aid ay ang miyembro o ang legal na tagapagmana ng miyembro.

### Liability insurance



**Ang PTA ay magbabayad ng kabayaran para sa mga pinsala at iba't ibang gastos kung sakaling ang PTA ay may pananagutan sa mga pinsala sa katawan o ari-arian ng iba dahil sa isang aksidente na dulot ng pagsasagawa sa mga aktibidad ng PTA na isinagawa sa Japan.**

| | | |
|---|---|---|
| **pananagutan kaugnay ng pagganap ng mga aktibidad ng PTA** | Sa kaso ng pinsala sa katawan | **Hanggang 100 milyong yen bawat tao**<br>**Hanggang 500 milyong yen bawat aksidente**<br>(walang sariling babayaran) |
| | Sa kaso ng pinsala sa ari-arian | **Hanggang 100 milyong yen bawat aksidente**<br>(walang sariling babayaran) |
| **Pananagutan para sa mga nakaimbak na item/bagay** | Sa kaso ng pagkasira o pagkawala ng mga bagay na hiniram (mga nakaimbak na bagay) | **Hanggang 100,000 yen bawat aksidente**<br>**Hanggang sa 10 milyong yen sa panahon ng insurance**<br>(Halaga ng sariling bayad na 5,000 yen bawat aksidente) |

**Ang flyer na ito ay isang pangkalahatang-ideya,Kung sakaling magkaroon ng aksidente, mangyaring makipag-ugnayan muna sa iyong paaralan o kindergarten. Ang aksidente ay maaaring hindi saklaw ng sistema ng kompensasyon na ito.**

〒514-0061 Tsu Shi Ishindenkōzubeta1234 Mie Prefecture Lifelong Learning Center 2F
Mie Prefectural PTA Safety Mutual Aid Association (TEL 059-233-0910･FAX 059-233-1164)